

**MGA PROSESO NG KOMITE**  
**Ika-27 INTERNASYUNAL NA KAPULUNGAN**  
**NG SERVICE EMPLOYEES INTERNATIONAL UNION**

1. Ang mga pagpupulong ng komite ay gaganapin on-line sa isang format kung saan magagawa ng mga delegado at mga kahaliling delegado na sumali, makinig at magsalita sa maayos na paraan. Ang mga tagubilin tungkol sa kung paano dumalo sa mga on-line na pagpupulong ng komite ay ililista sa website ng Kapulungan ng SEIU (SEIU Convention). Dapat magtalaga ang Tagapangulo ng Komite ng miyembro o kawani na siyang magtatala sa mga aksyong gagawin ng Komite.
2. Kapag humarap ang mga delegado o mga kahaliling delegado sa Komite, maaaring magtanong ang mga miyembro ng Komite upang siguruhing nauunawaan nila ang mga opinyong ipinapahayag o maaari din silang sumagot sa mga tanong kung mayroong delegado na nanghihingi ng paglilinaw. Ang mga miyembro ng Komite ay hindi maaaring magpahayag ng mga opinyon o makipagtalos sa mga tagapagsalita.
3. Ang Tagapangulo ng Komite ang mangunguna sa pagpupulong at mangangasiwa sa talakayan. Maaaring hilingin ng Tagapangulo sa isa pang miyembro ng Komite na humalili bilang tagapangulo sa anumang bahagi ng pagpupulong.
4. Hindi pormal ang gagawing pagpapatakbo sa Komite, ngunit ang mga opisyal na aksyon ng Komite sa mga bagay tulad ng pagpapatibay o pag-apruba ng mga resolusyon, pagsusog sa konstitusyon, pagprotesta o pag-apela ay pangangasiwaan sa pamamagitan ng mosyon, pagsegunda, at pagboto ng mayoriya. Gagawin ang mga pagpapasya sa Komite sa tulong ng isang boto mula sa bawat miyembro ng komite.
5. Tanging mga miyembro lang ng Komite ang maaaring bumoto tungkol sa mga usaping may kinalaman sa proseso o anupamang ibang isyung idudulog sa Komite.
6. Tanging mga delegado o mga kahaliling delegado lang ang pinahihintulatang humarap sa Komite.
7. Ang isang delegado mula sa isang Lokal na Unyon na maayos na nakapagsumite ng resolusyon o pagsusog sa Konstitusyon at Mga Alituntunin ay bibigyan ng pagkakataong humarap sa naaangkop na Komite upang suportahan ang kanyang isinumite nang hanggang tatlong (3) minuto. Ang alinmang Komite ay maaaring magtaguyod ng mga proseso para sa pagtanggap ng mga komento mula sa iba pang delegado o kahaliling delegado tungkol sa iba pang nauugnay na isyu, na lilimitahan sa dalawang (2) minuto para sa bawat tagapagsalita. Gagamiting gabay ng Tagapangulo ang layuning mapakinggan ang bawat lokal bago kumilala ng mga karagdagang tagapagsalita tungkol sa isang isyu. Maaaring pagbotohan ng mga Komite ang tungkol sa pag-iskedyul ng mga pagpupulong kung saan maaaring humarap ang mga delegado sa komite. Maaaring baguhin ng Tagapangulo ang haba at bilang ng talumpati batay sa bilang ng isyung idudulog sa Komite at/o bilang ng delegado o kahaliling delegado na nagnanais na humarap sa Komite.
8. Maaaring mag-iskedyul ng maraming pagpupulong ang Komite. Ang pagkakasunod-sunod ng gawain para sa bawat bukas na pagpupulong ng Komite ay gaya ng sumusunod:
  - Pagpapakilala sa mga Miyembro ng Komite
  - Pagsusuri sa Agenda

## Inaprubahan ng IEB noong

- Mga Pagtalakay ng mga Resolusyon, Pagsusog, Pagprotesta o Pag-apela

9. Maaaring pagtipun-tipunin ng Tagapangulo ang Komite sa ehekutibong session upang talakayin at suriin ang mga panukala at opinyon na ihahayag ng mga delegado at mga kahaliling delegado, upang pagbotohan ang rekomendasyon nito sa Kapulungan, at upang pangasiwaan ang mga gawaing pang-administratibo o iba pang gawain ng Komite.

10. Ipinagbabawal ang walang pahintulot na pag-videotape o pag-record ng mga pagpupulong ng Komite.

11. Ang mga naaangkop na Komite ay maghahanda ng mga akmang resolusyon o pagsusog upang isagawa ang mga rekomendasyong isinangguni sa kanila, at maaari nilang isumite sa Kapulungan, kasama ng mga sariling rekomendasyon ng Komite para sa naaangkop na aksyon, ang mga iyon at ang lahat ng iba pang isinangguning resolusyon at pagsusog. Maaaring gawin ng isang Komite ang mga sumusunod (1) piliing mag-ulat lang ng isa sa maraming resolusyon o pagsusog para sa iisang paksa, (2) pagsama-samahin sa iisang resolusyon ang kabuuan o mga bahagi ng maraming resolusyon o pagsusog para sa iisang paksa at iulat ang pinagsama-samang resolusyon bilang orihinal na teksto, nang nakailalim na rito ang mga orihinal na resolusyon at pagsusog, (3) pagpasyahang hindi iulat ang isang panukalang resolusyon o pagsusog, o (4) isangguni ang isang usapin sa Internasyunal na Lupon ng Ehekutibo para sa naaangkop na pagsasaalang-alang. Dapat ay walang maging ulat ng minoritya.

**ITANDAAN: Nakasaad sa SEIU C&B Article IV § 14 na ang lahat ng Resolusyon ay kailangang isumite nang nakasulat ng isang Lokal na Unyon “nang hindi bababa sa 30 araw bago maganap ang Kapulungan at maliban kung isusumite, maaari itong hindi isaalang-alang ng Kapulungan maliban kung may pahintulot ng lahat ng delegadong naroon. Maaaring ilahad ang mga resolusyon sa Kapulungan ng Internasyunal na Lupon ng Ehekutibo anumang oras sa Kapulungan nang hindi nangangailangan ng pahintulot ng lahat.” Nakasaad sa SEIU C&B Article XXIV na “Maaaring magpanukala ng mga pagsusog sa Kapulungan sa paraang gaya ng nakasaad rito para sa pagsusumite ng mga resolusyon sa Kapulungan.”**

12. Maaaring mag-ulat ang mga Komite ng maraming resolusyon o pagsusog sa konstitusyon sa isang mosyon na isasaalang-alang at pagbobotohan bilang block.